

Mga dokumentong nagpapatunay ng Medikal na Paggagamot

(Para sa tao na hindi Eligible sa Notification)

Mula Setyembre 26, 2022, kung na-diagnose na positibo sa covid, ang mga tao lamang na natutugunan ang alinman sa mga sumusunod na pamantayan 1~4 ang eligible para sa Doctor's Certificate (o makakakuha ng Covid Certificate)

1. Mahigit 65 taong gulang
2. Sa mga nangangailangan ng pagpapaospital
3. Buntis (o nagdadalang tao)
4. Tao na may high-risk para sa komplikasyon* at kailangang bigyan ng mga gamot laban sa covid, o yung mga nasa panganib na lumala at nangangailangan ng oxygen dahil sa covid.

*Kadahilanan para komplikasyon: Malignant na tumor, chronic respiratory disease, chronic kidney disease, diabetes, hypertension, dyslipidemia, cardiovascular disease, cerebrovascular disease, obesity (BMI 30 o mas mataas), paninigarilyo, immunosuppression

- Kung na-diagnose pagkatapos ng Setyembre 26, 2022 at kung hindi ka eligible, wala kang makukuha na paper-based o digital (My HER-SYS) na covid medical certificate.
- Kapag hihiling ng mga benepisyo sa inyong insurance company, napagpasyahan na huwag mag-require ng Medical Certificate dahil maaaring gumamit ng mga alternatibong dokumento na maaaring magkumpirma na nagkaroon ka ng covid. Mangyaring makipag-ugnayan sa inyong insurance company para sa mga available na alternatibong dokumento.